Pagpapabakuna

Upang makakuha ng bayad sa pamilya para sa isang batang wala pang 20 taong gulang, kailangan mong tiyakin na kumpleto ang natatanggap niyang mga bakuna.

Anong mga kabayaran ang maaapektuhan?

- Child Care Benefit
- Child Care Rebate, at
- Family Tax Benefit Part A supplement

Maaapektuhan din ng mga pagbabagong ito ang mga customer na kumukuha ng, Grandparent Child Care Benefit, Special Child Care Benefit o Jobs, Education and Training Child Care Fee Assistance.

Bakit dapat magpabakuna?

Ang pagpapabakuna ay magpapanatili sa iyo at inyong mga anak na malusog at ligtas sa mapapanganib na sakit. Ito ay simple, ligtas at epektibo.

Ano ang kailangan kong gawin?

Upang matugunan ang mga kinakailangan sa pagpapabakuna, ang iyong anak ay dapat na:

- may kumpletong bakuna mula pa sa pagkabata, o
- may medikal na iksemsyon(hindi kinailangan).

Susuriin namin ang mga detalye ng pagpapabakuna ng iyong anak sa Australian Immunisation Register gamit ang mga detalye mula sa kanyang Medicare.

Ang mga batang hindi kwalipikadong magpatala sa Medicare ay idaragdag sa Immunisation Register kapag ipinadala ng isang tagapagbigay para sa pagpapabakuna [kabilang ang isang doktor(general practitioner)] ang mga detalye ng pagpapabakuna sa Australian Immunisation Register.

Makipag-usap sa iyong doktor (general practitioner) kung may medikal na dahilan kung bakit hindi maaaring bakunahan ang iyong anak.

Paano ko malalaman kung kumpleto ang mga bakuna ng aking anak?

Maaari mong tingnan ang kasaysayan ng tala ng pagpapabakuna ng iyong anak gamit ang:

- iyong Medicare online account sa pamamagitan ng myGov. Kung wala kang myGov account, gumawa nito at i-link ito sa iyong Medicare online account
- Express Plus Medicare mobile app. Kung wala ka ng app, i-download ito mula sa App Store, Google Play™ at mga piling Windows 10 mobile device at desktop.

Maa-access ng mga indibidwal na 14 na taong gulang na o mas matanda ang kanilang kasaysayan ng tala ng pagpapabakuna:

- paggamit o paggawa ng sarili nilang Medicare online account sa pamamagitan ng myGov
- gamit ang Express Plus Medicare mobile app o
- pagtawag sa **1800 653 809.**

Kung may nawawalang impormasyon sa kasaysayan ng tala ng pagpapabakuna ng iyong anak, hilingin sa iyong tagapagbigay para sa pagpapabakuna na ipadala ito sa Australian Immunisation Register.

Mga pagpapabakuna sa ibang bansa

Kung may mga pagkakataong binakunahan sa ibang bansa ang iyong anak, magdala ng katibayan ng mga ito sa iyong Australyanong tagapagbigay para sa pagpapabakuna. Susuriin nila kung nakakuha ang iyong anak ng mga wastong bakuna na makakatugon sa Australian National Immunisation Program Schedule.

Kung natugunan ng iyong anak ang National Immunisation Program Schedule, ia-update ng iyong Australyanong tagapagbigay para sa pagpapabakuna ang Australian Immunisation Register.

Kung hindi natugunan ng iyong anak ang National Immunisation Program Schedule, magrerekomenda ang tagapagbigay para sa pagpapabakuna ng iskedyul para sa pagpapahabol sa mga bakuna.

Kung kamakailan ka lang nanirahan sa Australia at kailangan mong maisalin sa ibang wika ang katibayan ng pagpapabakuna ng iyong anak, basahin ang karagdagang impormasyon tungkol sa Free Translating Service sa website ng Department of Social Services.

Australian Immunisation Register

Ang Australian Immunisation Register ay isang pambansang talaan na nagtatala ng mga bakunang ibinigay sa mga tao, anuman ang edad, sa Australia. Itinatala ng talaan ang mga bakunang ibinigay sa pamamagitan ng mga doktor (general practitioner) at ng mga klinikang pangkomunidad.

Awtomatiko naming isasama ang mga batang nakatala sa Medicare sa Australian Immunisation Register.

Idaragdag namin ang mga batang hindi kwalipikadong magpatala sa Medicare sa Immunisation Register kapag ipinadala ng isang provider para sa pagpapabakuna (kabilang ang isang general practitioner) ang mga detalye ng pagpapabakuna sa Australian Immunisation Register.

Para sa higit pang impormasyon

- pumunta sa **humanservices.gov.au/air** para sa higit pang impormasyon sa wikang Ingles
- pumunta sa **humanservices.gov.au/yourlanguage** kung saan maaari kang magbasa, makinig o manood ng mga video na may impormasyong nakasalin sa iyong wika
- tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga bayad sa, at serbisyo ng, Centrelink
- tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa Medicare at mga kabayaran at serbisyo para sa Child Support
- bumisita sa isang sentro ng tagapagserbisyo (service centre).

Tandaan: sinisingil sa isang hindi nababagong antas ang mga pagtawag sa mga ‘13’ na numero mula sa iyong telepono sa bahay sa anumang bahagi ng Australia. Maaaring magbago ang antas na iyon depende sa presyo ng isang lokal na tawag at maaari ding magbago depende sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng telepono. Libre ang pagtawag sa ‘1800’ na numero mula sa iyong telepono sa bahay. Ang mga tawag mula sa mga pampublikong telepono at mobile phone ay maaaring orasan at singilin sa mas mataas na presyo.

Pagtatatwa

Ang tanging layunin ng impormasyong nilalaman ng publikasyong ito ay magsilbing gabay sa mga pagbabayad at serbisyo. Responsibilidad mong magpasya kung gusto mong mag-apply para sa pagbabayad at gumawa ng aplikasyon na nauugnay sa iyong mga partikular na sitwasyon.

Immunisation

To get a family payment for a child under 20 years of age, you need to make sure their immunisations are up to date.

What payments are affected?

- Child Care Benefit
- Child Care Rebate, and
- Family Tax Benefit Part A supplement

These changes will also affect customers who claim Grandparent Child Care Benefit, Special Child Care Benefit or Jobs, Education and Training Child Care Fee Assistance.

Why immunise?

Immunisation keeps you and your children healthy and safe from harmful diseases. It's simple, safe and effective.

What do I need to do?

To meet the immunisation requirements, your child needs to:

- be up to date with their early childhood immunisations, or
- have a medical exemption.

We'll check your child's immunisation details on the Australian Immunisation Register using their Medicare details.

Children who aren't eligible to enrol in Medicare will be added to the Immunisation Register when a vaccination provider (including a general practitioner) sends the details of a vaccination to the Australian Immunisation Register.

Talk to your general practitioner if there's a medical reason why your child can't be vaccinated.

How do I know if my child is up to date with their immunisations?

You can check your child's immunisation history statement using:

- your Medicare online account through myGov. If you don't have a myGov account, create one and link it to your Medicare online account
- the Express Plus Medicare mobile app. If you don't have the app, download it from the App Store, Google Play™ and selected Windows 10 mobile devices and desktops.

Individuals 14 years of age or older can access their immunisation history statement:

- using or creating their own Medicare online account through myGov
- using the Express Plus Medicare mobile app or
- calling **1800 653 809.**

If there's information missing from your child's immunisation history statement, ask your vaccination provider to send it to the Australian Immunisation Register.

Overseas vaccinations

If your child received vaccinations overseas, take proof of these to your Australian vaccination provider. They'll check your child has been given the correct vaccinations to meet the Australian National Immunisation Program Schedule.

If your child has met the National Immunisation Program Schedule, your Australian vaccination provider will update the Australian Immunisation Register.

If your child doesn't meet the National Immunisation Program Schedule, the vaccination provider will recommend a catch up schedule of vaccinations.

If you've recently arrived in Australia and need your child's immunisation evidence translated, read more about the Free Translating Service on the Department of Social Services website.

Australian Immunisation Register

The Australian Immunisation Register is a national register that records vaccinations given to people of all ages in Australia. The register records vaccinations given through general practices and community clinics.

We will automatically include children enrolled in Medicare on the Australian Immunisation Register.

We will add children who aren't eligible to enrol in Medicare to the Immunisation Register when a vaccination provider (including a general practitioner) sends the details of a vaccination to the Australian Immunisation Register.

For more information

- go to **humanservices.gov.au/air** for more information in English
- go to **humanservices.gov.au/yourlanguage** where you can read, listen to or watch videos with information in your language
- call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services
- call the Translating and Interpreting Service (TIS National) on **131 450** to speak with us in your language about Medicare and Child Support payments and services
- visit a service centre.

Note: calls from your home phone to ‘13’ numbers from anywhere in Australia are charged at a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers. Calls to ‘1800’ numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.

Disclaimer

The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services. It’s your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application with regard to your particular circumstances.